# TUNGKOL SA STATE BAR OF CALIFORNIA

Ang State Bar, na ginawa ng Lehislatura ng Estado ng California noong 1927, ay ang administratibong sangay ng Korte Suprema ng California. Ang misyon nito ay pagsilbihan ang mga mamamayan ng California sa pamamagitan ng maingat na pangangasiwa sa legal na propesyon. Ang mga pangunahing tungkulin ng State Bar ay:

- Pagbibigay ng lisensiya sa 250,000 abogado sa California
- Pamamahala sa propesyon at pagsasanay ng batas
- Pagpapatupad ng Rules of Professional Conduct (Mga Panuntunan ng Propesyonal na Gawi) para sa mga abogado
- Pagdidisiplina sa mga abogadong lumalabag sa mga panuntunan at batas
- Pagsasagawa ng California Bar Exam
- Pagsulong ng access sa hustisya
- Pagtataguyod ng pagkakaiba-iba at pagiging kabilang sa legal na sistema

Hindi maaaring kumatawan ang State Bar sa mga kliyente o i-refer sila sa isang partikular na abogado. Kung kailangan mo ng isang abogado, maaari kang iugnay ng State Bar sa isang serbisyo sa pag-refer ng abogado sa iyong komunidad na mapagkakatiwalaan mo.

**I-follow ang State Bar:**

**www.calbar.ca.gov**

**866-44-CA-LAW**

# MAKIPAG-UGNAYAN SA STATE BAR NG CALIFORNIA

**Humanap ng Mga Sertipikadong Serbisyo sa Pag-refer ng Abogado**
www.calbar.ca.gov/lrs
800-843-9053
(Labas ng California: 415-538-2250)

**Mga Reklamo: Maling Gawi ng Abogado o Hindi Awtorisadong Pagsasanay ng Abogasya**
www.calbar.ca.gov/Filecomplaint
800-843-9053 (Labas ng California: 213-765-1200)

**Mga Reklamo: Mga Serbisyo sa Pag-refer ng Abogado**
www.calbar.ca.gov/lrs-complaint

**Pondo para sa Seguridad ng Kliyente**
www.calbar.ca.gov/Client-Security-Fund
213-765-1140
Email: clientsecurityfund@calbar.ca.gov

May bisa ang impormasyon sa pamphlet na ito simula Pebrero 2020.

# Ang Kailangang Malaman ng Mga Consumer Bago Kumuha ng Abogado



The State Bar of California

# KAILANGAN MO BA NG ISANG ABOGADO?

Kung sa iyong palagay ay mayroon kang problema ukol sa batas, maaaring iniisip mo kung ano ang pinakamabuting paraan para makahanap ng legal na tulong.

Misyon ng State Bar of California na protektahan ang publiko sa pamamagitan ng maingat na pangangasiwa ng legal na propesyon. Kasama rin sa misyon ang pagpapalawig ng access sa mga legal na serbisyo.

Hindi maaaring katawanin ng State Bar ang mga kliyente o i-refer ka sa isang partikular na abogado, ngunit matutulungan ka ng ahensiya na iyong maunawaan kung ano ang kailangan mong malaman bago kumuha ng isang abogado. Maaari ka ring iugnay ng State Bar sa mga sertipikadong serbisyo sa pag-refer ng abogado sa iyong komunidad upang tulungan kang makahanap ng isang lisensiyadong abogado, kabilang ang mga maaaring makapagbigay ng libre o murang tulong. Maraming nag-aalok ng serbisyo sa iba't ibang wika.

Nagbibigay ang pamphlet na ito ng mga patnubay upang magbigay sa iyo ng kumpiyansa kapag naghahanap ka ng mga opsiyon para sa legal na representasyon.

Naghahanap ng impormasyon tungkol sa mga legal na serbisyo sa iyong katutubong wika? **Tumawag sa State Bar sa 866-44-CA-LAW.**

Available din ang pamphlet na ito sa wikang:

Spanish Español • Vietnamese Tiếng Việt
Korean 한국어 • Chinese 中文
• Russian Русский • Tagalog

# ANG KAILANGANG MALAMAN NG MGA CONSUMER BAGO KUMUHA NG ABOGADO

## Paano magdedesisyon kung kailangan mo ng isang abogado

Ang isang sertipikadong serbisyo sa pag-refer ng abogado ay maaring makatulong sa iyong magdesisyon kung kailangan mo ng isang abogado (Tingnan ang likurang bahagi para sa impormasyon sa pakikipag-ugnayan). Maaaring mayroon kang problemang puwedeng pangasiwaan nang walang abogado o sa pamamagitan ng mga organisasyon tulad ng isang lupon sa pangangasiwa ng upa (rent control board), korte para sa maliliit na claim o paghahabol, o programa sa pamamagitan (mediation) sa komunidad. Maaari ding maidirekta ka ng mga serbisyo sa pag-refer ng abogado sa mga ahensiya ng gobyerno o ibang organisasyon na pinakamainam na makakatulong sa iyo. Kung kailangan mo ng abogado, maaaring makatulong sa iyo ang serbisyo sa pag-refer upang makahanap ng espesyalisado sa saklaw ng batas na kailangan mo.

## Paano humanap ng abogado

- Tanungin ang mga kakilala mo at magtiwala kung maire-refer ka nila sa isang abogado.
- Maging maingat sa mga abogadong lumalapit sa iyo nang personal, sa pamamagitan ng telepono, o sa pamamagitan ng social media upang mag-alok ng mga legal na serbisyo.

## Ang dapat gawin bago kumuha ng abogado

- Humanap ng potensiyal na kukuning abogado sa website ng State Bar (www.calbar.ca.gov) upang tingnan ang katayuan ng lisensiya, kwalipikasyon sa abogasya, at karanasan sa pampublikong disiplina.
- Tanungin sa posibleng kukuning abogado kung may hawak siyang insurance sa pananagutan (liability) o maling paggamit ng propesyon (malpractice).
- Tanungin sa posibleng kukuning abogado kung paano siya tutugon sa iyong mga pangangailangan at kung gaano siya kabilis makakatugon sa mga tawag o email.

  Dapat magkasundo ka at ang iyong abogado sa kung paano kayo mag-uusap.
- Magtanong tungkol sa mga gastos, tulad ng kung oras-oras ba ang rate na sinisingil ng abogado o mayroong nakatakdang singil, o kung gumagamit siya ng ibang mga kasunduan sa pagsisingil. Tanungin din kung anong iskedyul ng pagbayad ang inaasahan.
- Kung hadlang ang gastos ng mga legal na serbisyo, isaalang-alang na magtanong kung pumapayag ba ang abogado na mag-alok ng mga serbisyong may limitadong saklaw.

## Pagkatapos mong kumuha ng abogado

- Kumuha ng nakasulat na kontrata, ngunit tandaang hindi lahat ng serbisyo ay nangangailangan ng nakasulat na kontrata. Halimbawa, ang mga serbisyong malamang na hindi magkakahalaga ng higit sa $1,000 sa mga legal na bayarin ay hindi nangangailangan ng nakasulat na kontrata. Gayunpaman, kung magtatrabaho para sa iyo ang abogado sa paraang nakabatay ang bayad sa kaniya sa bayaring makukuha sa matagumpay na kaso (contingency fee basis), palaging kinakailangan ang isang nakasulat na kontrata.
- Magtabi ng mga kopya ng lahat ng dokumento at pakikipag-ugnayan sa mga abogado, kabilang ang mga email at text message.
- Iwasan ang pagbabayad ng cash. Kung gagawin mo ito, kumuha ng mga resibo para sa lahat ng bayad.
- Kahit na maaaring kailangan mong magbayad ng mga partikular na bayarin nang maaga, mahigpit na ipinagbabawal ang pagbabayad ng ilang bayarin nang maaga, mga paunang bayarin (up-front fee) para sa ilang mga serbisyo, tulad ng pagbabayad para sa mga serbisyo sa pagbabago ng mortgage loan o utang sa sangla. Kailangang magawang kumpirmahin ito sa iyo ng iyong abogado.

## Paghahanap ng walang bayad o murang legal na serbisyo (legal na tulong)

Ang iyong lokal na serbisyo sa pag-refer ng abogado ay maaaring magbigay sa iyo ng impormasyon para sa mga opsiyon sa walang bayad o murang legal na serbisyo (madalas na tinutukoy bilang "legal aid" o legal na tulong). Maaaring hindi nagbibigay ang mga organisasyon para sa legal na tulong ng mga serbisyo para sa lahat ng saklaw ng batas, at maaaring kailanganin mong matugunan ang ilang mga pamantayan upang maging kwalipikado para sa kanilang mga serbisyo.

Maaari ka ring pumunta online sa LawHelpCA (https://lawhelpca.org) para sa isang direktoryo ng legal na tulong.

### Maaari Ko Bang Sisantihin Ang Aking Abogado?

Oo, maaari mong sisantihin ang iyong abogado anumang oras, ngunit sa ilang mga pagkakataon, maaaring kailanganin mo ang pahintulot ng isang hukom. Kung tatapusin ang ugnayan ng abogado at kliyente, tiyaking makakakuha ka ng mga kopya ng iyong mga dokumento. Mayroon kang karapatan sa iyong dokumento ng kliyente. May tungkulin din ang mga abogado na itala ang lahat ng salaping natanggap mula sa isang kliyente, pati na rin ang anumang salapi mula sa iba na natanggap sa ngalan ng isang kliyente. Maaari kang humiling para sa nasabing accounting anumang oras, pati na kung hindi ka na kinakatawan ng isang abogado.